



# Mayroon ba kayong problema tungkol sa pagpapalaki ng inyong mga anak?


~Para sa mga Magulang na Nagpapalaki ng Kanilang mga Anak sa Japan~

Parami nang parami ang mga dayuhang magulang na nagpapalaki ng kanilang mga anak sa Japan. Maaaring naguguluhan kung saan at kanino puwedeng kumonsulta, lalo na kapag may mga inaalala tungkol sa pagpapalaki ng kanilang anak.. Mayroong pasilidad (lugar) sa bawat lugar sa Japan na tumutulong sa mga magulang na nag-aalala sa pagpapalaki sa kanilang mga anak. Inaasahan namin na ang pamphlet na ito ay makakatulong upang mapadali ang pagkuha ng kinakailangang suporta at impormasyon ng mga magulang na mula sa ibang bansa.



## Mayroon bang mga ganitong pangyayari?

1. Naaantalang pagsasalita.
2. Hindi lumilingon kahit tawagin.
3. Mahirap o hindi tumitingin sa mata.
4. Sobrang sensitibo sa tunog (tinatakpan ang tenga).
5. Walang interes sa ibang bata.
6. Hindi mapakali at palaging gumagalaw.
7. Nagpopokus sa iilang bagay (kulay, marka, simbolo, letra, numero atbp).
8. Hindi makakakilos tulad ng ibang mga bata kabag magkasamang kumilos ang lahat.
9. Nahihirapang matuto ng ginagawa sa paggamit ng CR at sa pagpapalit ng damit.
10. Sobra ang pagwawala at mahirap mapigilan.



Nakakapag-alala kapag may mga ganitong problema sa bata, hindi ba? Maaaring ito ay pansamantalang problema lamang ngunit maaaring may problema sa paglaki ang bata, at lalo na maaari rin siyang may developmental disability.



## Sumailalim sa isinasagawang pangkalusugang pagsusuri sa mga munisipalidad

Mayroong libreng pangkalusugang pagsusuri (medical checkup) para sa mga sanggol sa mga munisipyo ng bawat munisipalidad. Ito ay mahalagang pagkakataon upang malaman ang kondisyon ng kalusugan at paglaki ng bata. Mangyaring sumailalim dito.

- Susuriin ng doktor. Walang bayad ang bawatpagsusuri.
- Ang panahon ng health examination ay nagbabago depende sa lugar. Mangyaring kumpirmahin ito sa munisipyo.
- Nakatakda ang edad na maaaring sumailalim sa bawat pangkalusugang pagsusuri.

### [Pangkalusugang pagsusuri para sa sanggol]

Kapag naging 3 hanggang 4 na buwang gulang na ang sanggol. Maaaring kumonsulta sa mga nars o doktor tungkol sa mga alalahanin. Magtuturo ang nutrisyunista tungkol sa pagkain ng bata.

### [Pangkalusugang pagsusuri para sa edad 1 at kalahating taong gulang na bata]

Kapag naging edad 1 at kalahati hanggang bago mag-2 taong gulang ang bata. Maaaring kumonsulta sa mga nars o doktor tungkol sa mga alalahanin.

### [Pangkalusugang pagsusuri para sa batang edad 3 taong gulang]

Kapag naging edad 3 hanggang 4 na taong gulang ang bata. Susuriin ang ihi. Susuriin ang paningin at pandinig. Maaaring kumonsulta sa mga nars o doktor, nutrisyunista at psychologist tungkol sa mga alalahanin.

### [Pangkalusugang pagsusuri para sa mga magsisimula sa paaralan]

Makatanggap ng anunsyo mula sa Komite ng Edukasyon ng munisipalidad sa buwan ng Setyembre bago magsimula sa elementarya ang bata. Pumunta sa papasukang paaralan at sumailalim sa pangkalusugang pagsusuri para sa mga magsisimula sa paaralan. Susuriin ang paningin at pandinig. Magsasagawa ng madaling intelligence test.

### [Konsultasyon hinggil sa pagsisimulang pagpasok sa paaralan]

Nagsasagawa ng konsultasyon ang Education Committee at Education Center tungkol sa mga bata na mayroong kapansanan na papasok sa elementarya. Kailangan ng reserbasyon para sa pagkonsulta. Mangyaring magtanong sa komite ng edukasyon tungkol sa reserbasyon.

- Edukasyon para sa mga bata na may kapansanan  
Ang lugar kung saan tatanggap ng edukasyon ang bata ay pipiliin ng Education Committee at isasaalang-alang at igagalang ang iniisip ng mga magulang at bata. Sa elementarya ay mayroong "Special Class for Handicapped Children" at "Special Education Class". Ang "Special Class for Handicapped Children" ay paaralan para sa mga may mabigat na kapansanan..



## Ano ang Developmental Disorder?

Ang "development disorder" ay isang uri ng kapansananang may kinalaman sa development ng mekanismo sa utak at karaniwang mayroon na pagkapanganak. May ilang uri nito katulad ng mga nasa ibaba. May pagkakaiba sa paglabas ng katangian sa bawat tao kahit na parehong uri. May ilang tao din na may higit sa isang developmental disorder.

May pagkakataon na nahuhuli ang intellectual development

**Pervasive Developmental Disorder (Autism Spectrum Disorder ASD)**  
Autism Asperger's Syndrome

- Nahuhuli sa pagdeblop ng pagsasalita (Walang ganito sa Asperger's Syndrome)
- Mahirap ang komunikasyon
- Problema sa pakikipagkapwa-tao at so syalidad
- Paulit-ulit na pagkilos, pagpopokus sa iisang gusto o libangan
- Masyadong sensitibo o insensitibo, malamya atbp.

**Attention-Deficit Hyperactivity Disorder AD/HD (Attention deficient, Hyperactive)**

- Hindi makapagpokus
- Hindi mapakali
- Impulsibo sa mga aksyon

**Learning Disability LD (Specific Learning Disorder/Disability)**

- Hindi nahuhuli sa pangkalahatang intellectual development ngunit sobrang mahina sa alinman sa pagbasa, pagsulat o pagkompyut.

\* Bukod pa dito, mayroon ding Tourette's Syndrome, pagka-utal, at developmental coordination disorder.

## Kumonsulta Tayo

Magkakaiba ang paglaki at katangian ng bawat bata. Mahalaga na kumonsulta nang maaga kung may inaaalala upang masolusyonan agad nang naaayon sa katangian ng bata.

- Kumonsulta sa Public Health Nurse ng munisipalidad tungkol sa problema sa pag-aalaga at pagpapalaki ng bata.
  - Kapag pumapasok na sa Nursery at Kindergarten, makipag-ugnayan lagi sa mga guro.
  - Depende sa munisipalidad, nagsasagawa ng indibidwal na konsultasyon at peryodikong konsultasyon ang mga development counselor.
  - Depende sa munisipalidad, may mga klase para sa pagsuporta sa pagpapalaki ng bata na maaaring puntahan pareho ng mga magulang at mga anak.
- \* Magkakaiba ang tao at lugar na puwedeng konsultahan depende sa munisipalidad.  
Mangyaring magtanong sa Public Health Nurse para sa detalye.



## Tungkol sa Ospital

Ang pagsusuri sa developmental disorder ay isasagawa ng mga espesyalista (pediatrician at child psychiatrist). Mangyaring ihanda ang mga sumusunod kung nais sumailalim dito.

- Maghanap ng ospital kung saan mayroong espesyalista. Kumonsulta sa Public Health Nurse ng munisipalidad o sa Support Center for Developmental Disorders (Maraming mga ospital ang kailangan ng reserbasyon).
- Dalhin ang health insurance card at ang maternal and child health handbook sa unang pagpunta.
- Maaari ring isulat ang mga alalahanin tungkol sa bata at ang kalagayan niya sa bahay o sa paaralan.



### Pagsusuri at Personalized Therapy

Isasagawa ang pagsusuri at personalized therapy ng mga espesyalista sa ospital kung kinakailangan. Sa gagawing pagsusuri ay mayroong intelligence at developmental test, hearing test at electroencephalography.

### Kapag nalaman na ang bata ay may developmental disorder ---

Hindi maiiwasan na mag-alala kapag nalaman na ang bata ay mayroong developmental disorder. Gayunpaman, nagiging maayos ang kondisyon ng bata depende sa pag-aayon sa kalagayan ng paligid at tamang pag-aasikaso.  
Kumonsulta sa doktor o espesyalista hinggil sa tamang paraan ng pag-aasikaso.



## Tungkol sa Support Center for Developmental Disorders

### Tungkol sa Act on Support for Persons with Developmental Disabilities

Mayroong batas na tinatawag na "Act on Support for Persons with Developmental Disabilities" sa Japan. Nagbibigay ito ng suporta sa mga taong may developmental disorder (mga bata at matatanda) at sa kanilang mga pamilya. Nilalayan ng Act on Support for Persons with Developmental Disabilities na gumawa ng lipunan kung saan lumalaki nang maayos ang mga batang may developmental disorder at magiging panatag ang mga pamilya sa pagpapalaki ng kanilang anak.

### Tungkol sa Support Center for Developmental Disorders

Mayroong iba't ibang pasilidad para sa konsultasyon sa mga lugar upang makatulong sa mga may developmental disorder at upang maging panatag ang kanilang pamilya. Ang Support Center for Developmental Disorders ang nagbibigay ng kinakailangang suporta sa bawat prefecture. Mayo nito sa bawat prefecture at sa mga itinalagang siyudad.

Tingnan sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa mga Support Center for Developmental Disorders sa buong bansa.

Developmental Disability Information and Support Center  
<http://www.rehab.go.jp/ddis/>

[Support Center for Developmental Disorders sa inyong lugar]

Pangalan ng Center:

Contact Number:

## Tungkol sa Persons with Disability Handbook

Kapag mayroong dalang handbook (Persons with Disability Handbook) na nagpapakita ng disability, makakatanggap o makakagamit ng iba't ibang welfare support (allowance atbp) depende sa uri at antas ng disability. Maaaring makakuha ng handbook sa munisipyo. Mayroong 3 uri ng handbook depende sa disability, "Rehabilitation Handbook", "Mental Disability Health Support Handbook", at "Physically Handicapped Persons Handbook".

- Mapapabilis ang proseso sa pagtanggap ng welfare service kapag may handbook.
  - Ang matatanggap na allowance ay depende sa uri at antas ng disability.
  - May pagkakaiba ang saklaw at nilalaman ng mga serbisyo depende sa munisipalidad.
- \* Mangyaring magtanong sa tanggapan ng welfare sa tinitirahang munisipalidad hinggil sa mga detalye.

障害者手帳

## Karagdagang Impormasyon

### ◆ Portal Site for Foreign Residents

Maaaring makita ang listahan ng telephone consultation window sa international relations ng bawat prefecture.

<https://www8.cao.go.jp/teiju-portal/jpn/index.html>

[http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/m\\_nyuukokukanri10\\_00006.html](http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/m_nyuukokukanri10_00006.html)

### ◆ AMDA Internation Medical Information Center Information Service through Telephone Consultation

Nagpapakilala ng mga ospital na kung saan maaaring isagawa ang pagsusuri sa inyong lenggwahe, at nagpapaliwanag ng medical welfare system  
Tokyo Office : 03-6233-9266 <http://fil.amda-imic.com/>

### ◆ Google Translate (Developer: Google, Inc.)

Aplikasyon para sa text translation, camera translation, written translation at voice translation. Walang bayad ang pagdodownload at paggamit.

### ◆ Multilingual Voice Translation App VoiceTra

Developer: National Institute of Information and Communications Technology  
Voice translation app kung saan isasalin sa ibang wika ang sinabi kapag kinausap. 31 lenggwahe ang kayang isalin at walang bayad ang pagdodownload at paggamit.

<http://voicetra.nict.go.jp/en/index.html>



### ◆ Welcome to CLARINET

Information website tungkol sa pangkalahatang school education  
Website tungkol sa pag-aaral ng mga bata na nakatira sa ibang bansa, sa mga umuwi sa Japan o mga foreignernabata.

[http://www.mext.go.jp/a\\_menu/shotou/clarinet/003.htm](http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003.htm)

### ◆ Developmental Disability Education Promotion Center

Maaaring makita dito ang mga pagsasaliksik o materyales hinggil sa pagsuporta o paggabay sa mga batang mayroong developmental disability.

[http://icedd\\_new.nise.go.jp/](http://icedd_new.nise.go.jp/)

### [Publisher]

Developmental Disability Information and Support Center  
National Rehabilitation Center for Persons with Disabilities Planning and Information Department

<http://www.rehab.go.jp/ddis/>



[Date Published] Hunyo 2018